Fil

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG 10TH SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ENERO 6,2020 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | *Pangulo, Liga ng mga Barangay* |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:** Wala

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 20-01-019

**KAPASYAHANG PAGKILALA AT PAGPAPAHAYAG NG PASASALAMAT SA LOKAL NA PAMAHALAAN NG POLA, LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO SA KANILANG MAAGAP AT TULOY-TULOY NA PAGTULONG SA BAYAN NG BULALACAO NA LUBHANG NASALANTA SA PAGHAGUPIT NG BAGYONG URSULA**

**"SAPAGKAT,** dalawang magkasunod na bagyo ang tumama sa Bayan ng Bulalacao, noong Disyembre 3,2019 ay Bagyong Tisoy at noong Disyembre 25,2019, araw ng Pasko ay hinagupit naman ng Bagyong Ursula na nagdulot ng masidhing pighati, kalungkutan, kasawian at gutom sa mga mamamayan dahil sa malaking pagkasira hindi lamang ng kanilang mga bahay kundi maging ng kanilang kabuhayan partikular sa sektor ng agrikultura at pangingisda;

**"SAPAGKAT,** higit sa lahat mahalaga pa rin ang kaligtasan ng buhay ng bawat mamamayan na siyang nangingibabaw sa bawat opisyal at kawani ng pamahalaan kung kaya sila ay gumawa ng sapat na paghahanda katulad ng paghanap ng ligtas na evacuation center, paghanda ng pagkain at gamot subalit sa gitna ng paghagupit ng Bagyong Ursula at sa kabila ng maayos na paghahanda ay sadyang napakalakas ng Bagyong Ursula na lubhang nagdulot ng malaking pinsala sa mga bahay, paaralan, sektor ng agrikultura, imprastraktura, pasilidad ng patubig, komunikasyon at elektripikasyon;

**"SAPAGKAT,** ang maagap na pagtulong ng Lokal na Pamahalaan ng Pola sa pamumuno ni Kgg. Jennifer M. Cruz, Punong Bayan kasama ang mga kawani ng kanilang Municipal Disaster Risk Reduction and Management Office (MDRRMO) at iba pang mga manggagawa sa pangunguna ni G. John F. Genabe, LDRRMO III ay nagbigay ng ginhawa, pag-asa at inspirasyon sa bawat tao na mapagtagumpayan ang sakit dulot ng kalamidad;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** batid ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao na hindi sapat ang mga salita upang maipaabot nito ang labis na pasasalamat sa mga tulong na kanilang ibinigay; subalit ito ay mananatili sa puso't isipan ng bawat Bulalacaonon; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magbigay ng pagkilala at pagpapahayag ng pasasalamat sa Lokal na Pamahalaan ng Pola, Lalawigan ng Oriental Mindoro sa kanilang maagap at tuloy-tuloy na pagtulong sa Bayan ng Bulalacao na lubhang nasalanta sa paghagupit ng Bagyong Ursula;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member German S. Acosta na pinangalawahan nina SB Member Dexter R. Gonzales at SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Enero 6,2019, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNIS M. FANER**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
SB Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG.TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Jan. 21, 2020

**200107/bms**

Scanned with CamScanner